AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

### Aralin 6

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting manunulat! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 6** |
|---|
| Theme: Ang Istorya ng Ating Pamilya (How To Interview) |
| Content Creator: Antonio F. Zulueta Jr. |

**ANG ISTORYA NG ATING PAMILYA**
**(How To Interview)**

**WRITING PROMPT LESSON 06: SINO ANG IDOLO MO? (ANG ISTORYA NG ATING PAMILYA)**

---

**I.Pagbati**
Magandang buhay mga makata! ✍

**II. Prompt of the Day**
Gaya nang nakaraan, ating iinterbyuhin o makikipagpanayam tayo sa ating pamilya o mga nangangalaga sa atin! 👨👩👧👦.👩👨👵👴

Sa araw na ito, makilala natin kung sino ang idol ng idol natin.

**III.INTERVIEW TIME! 🗣✍**

Tanungin ang nangangalaga sa iyo:
•Sino ang idolo mo o isang taong hinahangaan mo? (Kailangan itong taong ito ay isang taong NAKAUSAP na ng nangangalaga sa inyo.) 🙋♀🙋♂
•Bakit mo siya naging idolo? 💁♀💁♂
•Ano ang mga katangian niyang gusto mong tularan? 🙇♀🙇♂

•Anong mga bagay o isa sa mga bagay ang nagawa niya nang mahusay?
🙆‍♀️🙆‍♂️

**IV.Teacher's Message**

Kung kaya ninyong magsulat sa Ingles pagkatapos, subukan niyo rin! 💪Pwedeng ikumento sa ibaba ang mga naisulat niyo. Lahat tayo ay may kwentong gustong ibahagi, kaya paalala lang na ang AHA Eskwelang Pamilya ay isang safe space para iyong ibahagi ang inyong saloobin at mga gawa. Excited kaming malaman kung ano ang inyong mga katha! 🤗💕

**V. *Para sa Nangangalaga:***
**End of the Week Kids' Check up:**

•Anong exercise ang nagustuhan ng inyong mga anak?
•Aling exercise sila nahirapan?
•May mga bago ba kayong natutunan tungkol sa isa't isa?
•Nahirapan ba siya sa araling na ito? Nahirapan ka ba sa pagtuturo nito? O pareho kayong nahirapan dito?

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."